# Mga Kinakailangan sa Pangunang Lunas

Ang Adult Family Homes ay kailangang may mga nakahandang emergency medical supply para sa pagbibigay ng pangunahing pangunang lunas sa panahon ng emergency o sakuna na sapat sa dami ng bilang ng mga residenteng nakatira sa bahay. Dagdag pa rito, kailangang palitan o dagdagan ng Adult Family Homes ang mga emergency medical supply habang ginagamit ang mga ito at kailangang may first aid manual.



## Mga kinakailangan sa pangunang lunas

- Siguraduhing may available na first-aid personnel upang makapagbigay ng mabilis at epektibong pangunang lunas
- Siguraduhing madaling ma-access ang naaangkop na mga first-aid supply

## Mga kinakailangan sa emergency na paghuhugas ng mata

- Siguraduhing gumagana at madaling ma-access ang mga pasilidad sa emergency na paghuhugas gaya ng mga emergency eyewash station
- Inspeksyunin at i-activate ang inyong mga pasilidad sa emergency na paghuhugas
- Siguraduhing sapat ang tubig na ibinibigay ng supplemental flushing equipment

## Availability ng mga First Aid Supply

- Siguraduhing available ang naaangkop na mga first-aid supply
- Kailangang tiyakin ng mga employer na ang mga first-aid supply ay:
    - Madaling ma-access ng lahat ng empleyado.
    - Nakatago sa mga lalagyan na nagpoprotekta laban sa pinsala, pagkasira, o kontaminasyon.
    - Nasa malinaw na may label na lalagyan, hindi naka-lock ngunit maaaring selyado.
    - Maaaring dalhin sa lokasyon ng nasugatan o biglang nagkasakit na manggagawa.




Adult Family Home Council OF WASHINGTON STATE
Long-Term Care Foundation of Washington State
PIM SAVVY COMMUNITY OUTREACH
SHIP Grant Program Safety and Health Investment Projects Lni.wa.gov/SafetyGrants
Funding and support provided by the Department of Labor & Industries